

Automated External Defibrillator (AED)

Ang mga AED ay dapat wastong nakatago at namamantena para matiyak na madaling ma-access at gumagana ang mga ito sa panahon ng isang emergency. Dapat sundin ng mga employer at manggagawa ang mga instruksyon ng manufacturer para sa pangangalaga, paggamit at mga inspeksyon.

Ang mga AED ay dapat wastong nakatago at namamantena para matiyak na madaling ma-access at gumagana ang mga ito sa panahon ng isang emergency. Dapat sundin ng mga employer at manggagawa ang mga instruksyon ng manufacturer para sa pangangalaga, paggamit at mga inspeksyon.

Mga Rekomendasyon

- Gumawa ng checklist ng inspeksyon
- Gumawa ng iskedyul ng inspeksyon
- Magtabi ng mga naisadokumentong rekord ng mga maintenance check, mga pagsasaayos o mga pagpapalit

Tandaan: ang karamihan sa mga manufacturer ay nagbibigay ng maintenance checklist at iskedyul ng pagsubok.

Inspeksyon

Ang ilang AED ay nagbi-beep kapag nagkakaroon ng problema, at ang iba ay may feature na nagfa-flash na makikitang tagasaad ng status. Anuman ang mga paggana na ito, dapat magsagawa ng regular na inspeksyon ng mga AED bilang bahagi ng inspeksyon ng iyong lugar ng trabaho.

Lokasyon

Ang mga AED ay dapat panatilihin:

- Nasa mga lugar na madaling makikita
- May mga palatandaan para matukoy ang AED
- Walang mga sagabal
- Humigit-kumulang apat na talampakan mula sa lupa



Labas ng Unit

- Malinis, walang sira, walang labis na sira
- Ipinapakita ng berdeng tagasaad ng status na pumasa ang AED sa pinaka-kamakailang self-test

- Intact at hindi expired ang tamper seal

**Kung wala kang tamper seal o lampas na sa petsa ng pag-expire, kakailanganing sirain ang seal at higit pang siyasatin.*

Loob ng Unit

- Mga Pad
 - » Nakaselyo sa kanilang pakete
 - » Napapailalim sa kanilang expiration date

**Nagbabago ang shelf life ng mga pad ayon sa bawat manufacturer at ang model ay karaniwang tumatagal ng dalawa hanggang limang taon.*

- Mga Kable
 - » Walang mga bitak, punit, at nakalabas o sirang mga wire
- Baterya
 - » Na-charge nang kumpleto

**Tingnan ang manual ng manufacturer para sa mga instruksyon sa kung gaano kadalas kailangang palitan ang mga baterya.*

- Mga Accessory
 - » Mayroong mga Gunting, Razor, Gasa, Alcohol Wipe, CPR Mask, Benda at nasa magandang kondisyon

Kontakin ang manufacturer kung babalaan ka ng device na kailangan ng pagseserbisyo o kung mayroong anumang depekto sa device o mga kaibahan sa pagganap nito.

Sino ang maaaring gumamit ng AED?

Maaaring gamitin ng sinuman ang AED, hindi mo kailangang maging medikal na propesyonal!

Kailan dapat gumamit ng AED?

Ginagamit ang automated external defibrillator sa isang taong nakakarana ng cardiac arrest, nakikitang walang malay at hindi humihinga. Matalino ang device – magbibigay lang ito ng electrical shock sa puso na kailangan ito. Hindi ka makakasakit, makakatulong ka lang!

(ipinagpatuloy)



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5

Automated External Defibrillator (AED)

Ang mga AED ay dapat wastong nakatago at namamantena para matiyak na madaling ma-access at gumagana ang mga ito sa panahon ng isang emergency. Dapat sundin ng mga employer at manggagawa ang mga instruksyon ng manufacturer para sa pangangalaga, paggamit at mga inspeksyon.

Paano gamitin ang AED?

**Tumawag sa mga pang-emergency na serbisyong medikal (911) at utusan ang isang tao na maghanap ng first aider. Huwag maghintay na gumamit ng AED; simulan kaagad ang proseso.*



Ang mga AED ay available sa iba't ibang model, pero gumagana ang lahat ng ito sa parehong paraan. Maaari kang gumamit ng AED sa pamamagitan ng pagsunod sa tatlong pangunahing hakbang na ito:

1. Buksan ang power, sa pamamagitan ng pagbukas ng takip o pagpindot sa power button.
 - Nagbibigay ng mga prompt na boses ang mga AED.
 - Nagpapakita ng malinaw at simpleng mga nakikitang instruksyon.
2. Ikabit ang mga AED pad sa walang damit na dibdib ng tao.
 - Hubarin ang damit.
 - Gamitin ang pang-ahit para ahitin ang anumang buhok sa dibdib (kung saan lang ilalagay ang mga pad).
 - Buksan ang mga AED pad.
 - Mayroong larawan sa mga AED pad; ilagayang mga pad gaya mismo ng ipinapakita sa mga larawan.
3. Pindutin ang shock button kung sabihin sa iyo ng prompt na boses na pindutin ito. Kung sasabihin na walang shock, ipagpatuloy ang CPR hanggang sa dumating ang mga serbisyong medikal.

Lehislasyon at Mga Regulasyon

Sa Canada, walang lehislasyon tungkol sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho (occupational health and safety, OHS) na partikular na inaatas sa mga employer na magkaroon ng nakakabit na mga AED sa lugar ng trabaho.

Inaatas ng Manitoba sa mga employer na may-ari ng itinalagang mga pampublikong lugar na magkaroon ng nakakabit na mga AED nang ayon sa The Defibrillator Public Access Act.

Dapat tiyakin ng may-ari ng itinalagang pampublikong lugar na nakakabit ang mga AED at nakarehistro kasama ang mga detalye ng kanilang lokasyon sa panlalawigan na mga serbisyong pang-emergency na 911. Dapat makikita ang mga AED sa mga lugar na walang sagabal para alertuhan ang publiko tungkol sa lokasyon at paggamit ng AED.

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Kung minsan, maaaring tila napakatindi ng proseso ng inspeksyon. Kaya gumawa ang mga tagapayo sa kaligtasan ng RP ng step-by-step na video na madaling gamitin at nagbabalangkas ng buwanang proseso ng inspeksyon ng AED. [I-CLICK DITO PARA MAPANOOD ANG VIDEO](#) (sa Ingles lang).

Mayroon din kaming kurso na [Pagsasanay sa Inspeksyon sa Lugar ng Trabaho](#) (sa Ingles lang) na available sa website bilang eLearning na opsyon para matuto mag-isa. Dinisenyo ang workshop na ito para bigyan ang mga tao ng mas magandang pag-unawa sa dapat nilang tingnan sa mga inspeksyon sa lugar ng trabaho. May kasama itong lesson sa pagsiyasat ng kagamitan na nakakasagip ng buhay.

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro lang sa RPM. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!



RPM RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

25 Bunting Street, Winnipeg, MB R2X 2P5